

1

“Hoy, Jessica! Ano sa tingin mo ang ginagawa mo rian?”

Napatalon sa kinatatayuan si Jessica. Hindi niya narinig na pumasok sa kanyang kuwarto ang nanay niya. Tumingin siya rito, ngumiti at saka pasimpleng itinago sa drawer niya ang binoculars.

“Nanay Belen naman! Kung makapanggulat ka...”

Napapalatak si Nanay Belen, ang tumayong magulang niya simula pa musmos siya. “Akala mo sigurong bata ka hindi ko alam kung ano ang ginagawa mo rian sa bintana mo. Ilang araw ka nang ganyan, ah! Lagi mong nalilimot na kumain dahil sa kasisilip mo sa bagong kapitbahay natin.”

Napangiwi siya. *Guilty!* Totoo ang sinabi ng matanda. Curious na curious siya sa bagong dating nilang kapitbahay kung kaya naman halos kada oras ay sinisilip niya ito gamit ang binoculars. Tanaw niya mula sa bintana kung saan naroon ang computer desk niya ang kuwarto ng lalaki. Tanaw rin niya ang halos kabuuan ng kalahati ng bahay kabilang na ang kitchen at sala basta gamit niya ang binoculars.

Hindi mawari ng dalaga kung bakit madalas ay nasa loob lang ito ng bahay. Baka may-sakit ang lalaki ngunit nakikita naman niyang nagwo-workout ito dahil may treadmill sa sala. Mukhang magana rin itong kumain pagkat nakikita niyang

mahilig itong magluto. Minsang napag-usapan nila ng nanay niya ang kanilang bagong kapitbahay, sabi ng matanda na marahil ito ay isang manunulat o kompositor ng musika dahil nakita niya itong nagsusulat habang naggigitara. Puwede!

“Nanay, alam mo parang kilala ko kasi ’yang si Tanyo.”

“Sino si Tanyo?” nagtataakang tanong ng matanda.

“Yan si poging kapitbahay, Nanay. ‘Tanyo’ is short for Ermitanyo,” nakangisi niyang paliwanag.

Napakamot na lang ito sa ulo. “Puro ka kalokohang bata ka,” sita nito. “Hindi ko kilala ’yang lalaking ’yan. Hindi natin alam kung sino siya, kaya huwag kang masyadong sumilip-silip diyan at baka mamaya sira pala ang ulo niyan. Ikaw rin, sige ka.”

Jessica snorted. Ang Nanay Belen niya kung ituring siya ay animo batang paslit pa siya. Tinakot pa siya nito.

“Hala, sige na at bumaba ka na nang makakain na tayo.”

Tumango lang siya. Nang makalabas ang matanda ay sumilip uli siya sa bintana. Nakatayo sa tapat ng bintana ng kuwarto niya ang lalaki, nakatingin sa malayo. Malungkot ang hitsura nito at mukhang malalim ang iniisip.

Nakita na niya ang mukha nito, sigurado siya. Hindi lamang nang lumingon ang lalaki sa kanila ng nanay niya nang bumaba ito sa isang magarang sports car noong bagong dating ito. Hindi niya maalala kung saan ngunit sigurado siyang nakita na niya ito.

Pinagmasdan niya ang kabuuan nito. Matangkad, tantiya niya ay halos six footer o higit pa. Moreno, medyo kulot ang buhok na itim, at maganda ang pangangatawan na dala marahil ng araw-araw na pagwo-workout. At higit sa lahat, guwapo ito. Mapungay ang mga mata, matangos ang ilong, mapula ang mga labi. He had this chiseled patrician look that most men would kill for. How she wished she could see into his eyes...

Para siyang tinamaan ng kidlat nang magtama ang mga mata nila!

“Ay, kabayo!”

Napatakbo siya palabas ng kuwarto niya. *Patay, huli ako!*

Nanginginig na bumaba ng hagdan si Jessica. Ang lakas ng kabog ng dibdib niya. Bakit ganoon ang naramdaman niya nang magtama ang mga mata nila ng lalaking iyon? Tila naputol ang paghinga niya at tumigil ang inog ng mundo. Para bang silang dalawa lang ang tao sa mundo at malulunod siya sa mga mata nito. Ilang segundo lang na nagtama ang mga mata nila ay nagulo na ang sistema niya.

Sumilip siya sa bintana ng kusina nila. Naroon pa rin ang lalaki sa tapat ng bintana nito at tingin niya ay nakatingin pa rin sa kuwarto niya.

“Jessica, tigilan mo na iyang pagdungaw mong bata ka!”

Napakamot na lang siya sa ulo at sumunod na sa utos ng

kanyang ina. Kumain na sila ng hapunan. Siya ang naghugas ng pinggan matapos itaboy ang matanda upang magpahinga na ito.

“Nanay Belen, salamat sa dinner, ha. Good night!”

“Naku po! Ang batang ito, gabi-gabi kung magpasalamat,” natatawang-naiiling na pakli nito. Nagpaalam na rin itong matutulog na.

Matapos punasan ang mga hinugasan pati na ang mesa ay pinatay na ni Jessica ang ilaw sa kabahayan saka umakyat sa kuwarto niya dala ang tinimplang kape. Magpupuyat siya dahil ilang gabi na siyang hindi nakakapagsulat. Gusto niyang makarami ng pahina ngayong gabi.

Tanging ang desk lamp lang niya ang binuksan nang makapasok siya sa silid. She turned on her laptop. She felt disappointed when she saw that the guy’s blinds were drawn. Marahil nainis ito sa invasion of privacy na naranasan sa kanya kanina. For some reason, she knew he valued his privacy a lot. Pero ramdam niyang naroon ang lalaki sa lugar nila dahil nagtatago ito. Kung bakit ay hindi niya alam.

Nasa isang exclusive subdivision ang tinitirahang townhouse ni Jessica at ng Nanay Belen niya. Pag-aari ito ng kanyang ama, si Generoso Santillano, isang popular na senador sa bansa. Namatay sa panganganak ang kanyang ina at ang matalik nitong kaibigan na isang kasambahay rin, si Nanay Belen, ang nakagisnan na niyang ina. Ito rin ang nagpaliwanag sa kanya kung bakit bihira

niyang makita ang ama at kung bakit sa isang tagong lugar siya nakatira.

Nakatira sa siyudad si Senador Santillano kasama ang asawa nito at tatlong anak na pulos babae rin. Si Jessica ay anak nito sa labas. Alam ng pamilya ng pulitiko ang existence niya, ngunit mahigpit na bilin ng asawa nitong huwag na huwag malalaman ng publiko ang tungkol sa kanya. Dahil na rin sa ayaw ng senador ang eskandalo ay natural na pumayag ito sa kagustuhan ng kabiyak. Tinago siya nito nang malamang walang kukupkop sa kanyang kamag-anak ng ina niya.

Iyak siya nang iyak noong sabihin sa kanya ni Nanay Belen ang katotohanan. Pitong taon siya noon, birthday niya, at matapos siyang mag-blow ng candles sa cake na bili nito galing sa perang pinadala ng ama niya ay sinabi nito sa kanya ang tungkol sa kanyang pagkatao. Awang-awa ito sa kanya at ayaw man daw nitong sabihin ay kailangan dahil iyon ang bilin ng ama niya at ng asawa nito. Sabihin na sa kanya ang katotohanan nang tumigil na siya katatawag sa bahay ng senador.

Napabuntunghininga si Jessica. Traumatic sa kanya ang pangyayaring iyon. Ilang buwan din siyang nanaginip nang masama dahil doon. Lagi niyang nakikita sa panaginip ang kanyang inang umiiyak at tinatawag siya.

Lumaki siya na ang kanyang Nanay Belen ang tanging kasama sa bahay. Pinag-aral siya ng ama sa isang pampublikong paaralan. Ibinigay nito ang lahat ng pangangailangan niya.

Tatlong beses sa isang araw siya kumakain at maayos ang buhay niya sa bahay na binigay nito sa kanya. Lahat ay binigay sa kanya maliban ang pangalan nito. Ang apelyido ng kanyang biological mother ang gamit niya. Ang isang mahigpit na bilin din sa kanya ng ama ay huwag siyang makikipaglapit kahit kanino. Hindi puwedeng may makaalam ng lihim ng senador. Bawal na bawal ang magkaroon siya ng kaibigan.

Seventeen na si Jessica. Tapos na ng high school. Ni wala siyang naging close friend mula elementarya hanggang high school at sigurado siyang maski mag-college man siya ay ganoon pa rin ang mangyayari. She's wary of strangers. Kahit na alam niyang hindi siya mahal ng kanyang ama, mahal niya ito at ayaw niyang magkaroon ng dahilan upang magalit ito sa kanya. Kung ayaw nitong magkaroon siya ng kaibigan, gagawin niya iyon. Kinausap na siya nito sa telepono nang maka-graduate siya ng high school ilang linggo na ang nakalilipas.

“Ano ba ang gusto mong kuhaning kurso sa kolehiyo?” tanong sa kanya ni Senador Santillano.

“Gusto ko po sanang mag-Creative Writing. Gusto ko po kasing maging manunulat.”

“Ipa-text mo sa assistant ko kung magkano ang kakailanganin mo at kung saan mo napiling mag-aral. Pero kung ako ang tatanungin mo, mainam na mag-aral ka na lang diyan sa mismong kolehiyo malapit sa subdivision.”

Iyon lang at pinutol na nito ang usapan nila. Mabibilang sa daliri ang paghaharap nila ng ama at iyon ay kung nagagawi lamang ito sa lugar nila.

Nalulungkot si Jessica sa tuwing naiisip na daig pa niya ang ulilang-lubos. Wala na siyang ina at, kahit mayroon pa siyang ama, hindi naman niya ito nakikita at nakakasama. Ngunit lagi niyang ipinaaalala sa sarili na kung doon niya itutuon ang pansin, hindi na siya makakaahon pa sa kalungkutan.

Mas mainam na tanggapin na lang niya nang lubos ang kalagayan niya at kahit paano ay maging masaya sa kung ano ang meron siya. Nagpapasalamat siya na si Nanay Belen ay parang ina na niya at ito naman ay anak na ang turing sa kanya.

Napabuntunghininga siya uli. Kung sana man lang kahit may isang kaibigan siyang puwedeng makakuwentuhan bukod sa nanay niya....

Vince was in heaven! Well, almost, that is. If not for the nosy woman next door.

Isang popular na matinee idol si Vincent Orson Nodalos o mas kilala ng lahat na Vince Pascua sa mundo ng showbiz. Nagsimula siyang mag-artista sa edad na limang taon. Nanalo siya sa isang pa-contest sa telebisyon ng isang kilalang network. Kasama sa premyo niya ang tatlong taong kontrata sa mismong network at ang movie arm nito.

Sinuwerte siyang mapasama sa mga hit teleserye at pelikula kung kaya naman nabigyan siya uli ng kontrata ng naturang network. Kinuha na siyang exclusive talent niyon at pinapirma ng limang taong kontrata. Ang sinabi ng big boss ng network, may angkin daw siyang inborn acting talent, mapa-comedy man o drama. Makailang beses na siyang nanalo ng acting awards. At ilang ulit na ring pinapirma siya ng exclusive contract ng network.

Twenty years na siya sa showbiz. Nagdiwang siya ng anniversary niya noong nakaraang buwan. Nagkaroon siya ng isang TV special. Nagpakita siya ng galing sa pagkanta at pagsayaw. Sinariwa roon ang mga biggest hits niyang teleserye at pelikula. At naroon ang ilan sa mga kilalang artista na nakasama niya sa loob ng dalawampung taon sa industriya.

Masaya si Vince sa tinakbo ng karera niya. Hindi niya akalaing magtatagal siya sa industriya dahil ang totoo ay mahigpit ang kompetisyon. Nagpapakatotoo siya nang sabihin niyang maraming mas magaling na aktor kaysa sa kanya at anumang oras ay puwedeng mawala sa kanya ang popularidad na kanyang tinatamasa.

He realized how fragile everything in the showbiz industry was when he met Marisol Madriga. Kilala itong sikat na sikat noong kabataan nito at nang maglaon ay unti-unting nalaos nang magsulputan ang higit na bata at magagaling na aktres. Hindi nito matanggap ang pagkalaos kung kaya inubos ang halos kalahati ng kinita noong kasikatan sa pagpaparetoke ng mukha

at katawan. Sa malayo ay mukha pa rin itong bata, ngunit kung titingnang maigi ay batak na batak ang mukha nito at halatang panay ang saksak ng collagen at botox.

There was a rumor that she attempted suicide twice already and that she was confined at the basement of a well-known hospital in the country for psychiatric treatment. She was manic-depressive, according to some people who knew the actress personally. Ayaw niyang dumating siya sa ganoong punto ng karera niya.

Ilang buwan na ring nakakadama ng pagkainip ang binata. He was restless and he felt suffocated for some reason. Ilang movie script na ang pinasauli niya sa manager dahil inayawan niya ang mga iyon. Ilang offer na para sa primetime teleserye ang kanyang na-turn down dahil sa wala siyang magustuhang role. He knew he needed to get away to get back his lost mojo so he talked to his manager about it.

“Tita Rishel, alam mong kailangan kong lumayo kahit sandali lang. I need it so I won’t drown from this anxiety and restlessness plaguing me for months now!”

Rishel Diwa, the most sought-after talent manager in the showbiz industry, shook her head at him. “Vince, ilang buwan ka nang bakante. Hindi ka na halos nakikita ng publiko maliban sa Sunday afternoon show ng network kung saan lumalabas ka nang ilang minuto lang. Baka kung magbakasyon ka ay malimot ka ng mga fans mo.” Bakas sa anyo ng manager niya ang pag-aalala.

“Tita Rishel, give me six weeks. I swear, pagbalik ko, I’ll be as good as new,” sumamo niya rito.

Lumapit ito sa kinauupuan niya sa loob ng opisina nito at ginulo ang kanyang buhok. “Fine! Magbakasyon ka, Vince, at hanapin mo ’yung passion mo for acting na siyang nagpasikat sa ’yo.” Tumango siya rito. “But let me reiterate my warning, hijo; maraming nagsusulputang bagong artista na mas guwapo, mas matikas, at mas magaling umarte kaysa sa iyo. You know you can lose your popularity in a blink of an eye. The public might forget you if someone better comes along and steals your crown.”

Tumayo na si Vince at masuyong niyakap ang matandang babae. Naging mabuti itong manager sa kanya at alam niyang genuine ang concern nito sa career niya at hindi lang sa mawawalang komisyon dito.

“Have I ever told you how grateful I am that you are my manager? And have I ever told you that I love you, Tita Rishel?”

Tawa nang tawa ang matanda. “Tumahimik ka riyan, Vince! Baka matsismis tayo!”

Natawa rin siya, at paglao’y nagpaalam na.

Hindi niya sinabi rito kung saan niya balak magbakasyon, o mas tamang sabihin na magtago. Pag-uwi niya sa bahay ay saglit lang siyang nag-empake ng mga gamit. Tumawag siya sa mga magulang upang sabihing ilang linggo siyang mawawala. Hindi na nagtanong pa ang mga ito. They knew how he felt and

his need to be in seclusion even for a while.

Isang linggo na ang nakalilipas mula nang bumaba siya sa sports car niya bitbit ang isang bag ng mga damit at ang kanyang pinakaiingatang gitara. The two-storey small townhouse was perfect in every way! Tahimik ang lugar at kahit ingay ng sasakyan o tahol ng aso ay wala. His very own piece of heaven came to life!

Perfect na sana if not for the nosy woman who loved gawking at him using her binoculars!